TVAnswers.org
An Initiative of the National Association of Broadcasters

Federal Communications Commission

Lilipat ng Mga Frequency ang Ilang Lokal na Istasyon ng TV.

Narito ang Kailangan Mong Malaman!

Ano'ng Mangyayari

Malapit nang lumipat ang ilang lokal na istasyon ng TV sa mga bagong frequency upang magkaroon ng mas maraming airwave na available para sa mga serbisyo ng wireless na internet. Kung naka-subscribe ka sa cable o satellite TV, huwag mag-alala: titiyakin ng iyong service provider na makakapanood ka pa rin sa iyong mga lokal na channel.

Kung nanonood ka ng telebisyon nang libre gamit ang antenna, kakailanganin mong i-rescan ang iyong TV set kapag lumipat ang isang istasyon upang patuloy na masagap ang lokal na channel na iyon.

Kakailanganin mong bumili ng bagong equipment o mga serbisyo. Pagkatapos mong i-rescan ang iyong set, makikita mo ang istasyon sa parehong numero ng channel.

Planuhing Mag-rescan upang Mapanatili ang Iyong Mga Channel

Sa tuwing lumilipat sa bagong frequency ang isang istasyon na nasasagap mo sa ere, kakailanganin mong i-rescan ang iyong TV o converter box upang maipagpatuloy ang pagsagap sa lokal na channel.

Piliin ang "scan" o "autotune" sa menu ng kontrol ng iyong TV o converter box upang masimulan ang proseso ng pag-scan.

Karaniwan mong makikita ang mga tagubilin sa pamamagitan ng pagpindot sa mga button na "set-up" o "menu" sa remote control ng iyong telebisyon o digital na antenna. Kung nagkakaproblema ka, sumangguni sa manual para sa may-ari para sa mas detalyadong tagubilin tungkol sa paraan ng pag-scan ng channel, o makipag-ugnayan sa serbisyo sa customer para sa manufacturer ng iyong TV o converter box.

Hindi magbabago ang aktwal na numero ng channel na nakikita mo.

Manatiling May Alam

Dahil magkakaiba ang panahon ng paglipat ng mga istasyon ng TV, maaaring kailanganin mong i-rescan ang iyong TV set nang mahigit sa isang beses. Mangyaring manatiling nakatutok sa iyong mga lokal na channel para sa impormasyon tungkol sa kung kailan magre-rescan.

Makakita ng higit pang impormasyon sa **TVAnswers.org** tungkol sa kung alin sa iyong mga lokal na channel ang lilipat at kailan mangyayari ito.

Ang logo ng FCC ay ginagamit nang may pahintulot ng Federal Communications Commission. Ang pagpapahintulot na gamitin ang logo ng FCC ay hindi nagsisilbi bilang pag-endorso ng FCC.